PAUNANG TAGUBILIN SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN
FORM SA PAGTANGGAP

Pagpapakilala

Alinsunod sa Kodigo 4600 ng California sa Pagpapatunay ng Habilin (California Probate Code 4600) et seq. at mga Pederal na kinakailangan sa ilalim ng Titulo 42, ang mga kliyente na may edad na 18 taong gulang at mas matanda pa ay dapat makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan at malaman ang kanilang karapatan na makapagdesisyon tungkol sa kanilang medikal na paggagamot.

Sasagutan ng Tauhan

Ang kliyente ay binigyan ng kopya ng *Fact Sheet* ng Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan sa unang harapang pakikipag-ugnayan o pagbisita sa klinika. ☐ Oo ☐ Hindi

Kung "Hindi" mangyari lamang ipaliwanag kung bakit hindi binigyan ang kliyente ng *Fact Sheet*:

Ang kliyente ba ay kasalukuyang may Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan? ☐ Oo ☐ Hindi

Kung nais ng kliyente na ipatupad ang Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan, mangyari lamang isangguni sila sa mga kinilalang mapagkukunan ng tulong sa *Fact Sheet*. Kung ang kliyente ay mayroon nang Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan, maglagay ng kopya sa Talaan sa Klinika ng kliyente sa Seksyon 2 (Mga Pahintulot at Paunawa).

Dapat Kumpletuhin ng Kliyente/Responsableng Nasa Hustong Gulang*

Hiniling mula sa akin ang pagkakaroon ng Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan, at ako ay binigyan at hinandugan ng isang *Fact Sheet* ng Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan.

_____ Lagda ng Kliyente		_____ Petsa
_____ Lagda ng Responsableng Nasa Hustong Gulang*	_____ Kaugnayan sa Kliyente	_____ Petsa
_____ Lagda ng Saksi/Tagapagsalin-wika **		_____ Petsa

Ang *Form* na ito ay isinalin-wika sa _____ para sa kliyente at/o responsableng nasa hustong gulang.

Kung ang isang nakasaling-wika na bersyon ng Form na ito ay nilagdaan ng kliyente at/o responsableng nasa hustong gulang, nakalakip dapat ang isinaling bersyon sa Ingles na bersyon.

Ang lumagda ☐ ay binigyan ☐ tinanggihan ang kopya ng *Form* na ito noong _____ ni/ng _____.
Petsa Mga Inisyal

* Responsableng Nasa Hustong Gulang = Tagapag-alaga, Konserbator, o Magulang ng menor de edad kung kinakailangan.

** Saksi/Tagapagsalin-wika = Ang taong nakasaksi sa paglalagda ng form (maaaring tauhan o iba pang tao) o ang tagapagsalin-wika ng form na ito sa iba pang wika para sa kliyente (kailangang kasama ang wika kung saan ito isinalin).

Ang kompidensyal na impormasyong ito ay ipinagkaloob sa iyo alinsunod sa mga batas at regulasyon ng Estado at Pederal kabilang ang, nguni't hindi limitado sa naaangkop na Welfare and Institutions code (Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon), Civil Code (Kodigong Sibil) at HIPAA Privacy Standards (Mga Pamantayan ng HIPAA sa Pagkapribado). Ang paggawa ng kopya ng impormasyong ito para sa karagdagang pagsisiwalat ay ipinagbabawal nang walang paunang nakasulat na awtorisasyon ng kliyente/awtorisadong kinatawan na may kinalaman maliban kung iba ang pinapahintulot ng batas. Ang pagsira sa impormasyong ito ay kinakailangan matapos matugunan ang ipinahayag na layaunin ng orihinal na kahilingan.

Pangalan: **Numero ng IS:**

Ahensiya: **Numero ng Tagapagkaloob ng Serbisyo:**

County ng Los Angeles – Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan

PAUNANG TAGUBILIN SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

FACT SHEET

Ano ang Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Ang Paunang Tagubilin ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa isang tao na maunang ipahayag ang kanyang mga ninanais kung hindi niya kayang gumawa ng mga desisyon sa pangangalaga ng kalusugan.
Sa California, ang Paunang Tagubilin ay binubuo ng dalawang bahagi:
(1) pagtatalaga ng isang kinatawan para sa pangangalagang pangkalusugan; at (2) indibiduwal sariling tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang magagawa ng Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan sa isang taong may pangkaisipang kapansanan?

- Nagpapahintulot ito sa iyo na gumawa ng mga pagpili ngayon para sa paggamot sa kaganapan na iyong kailanganin ang paggamot sa kalusugang pangkaisipan sa hinaharap. Maaari mong sabihin sa iyong doktor, institusyon, tagapagkaloob ng serbisyo, pasilidad sa paggamot, at magdesisyon kung aling mga uri ng paggamot ang gusto mo at hindi mo gusto.
- Maaari kang pumili ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya na magdesisyon para sa pangangalaga ng kalusugang pangkaisipan, kung hindi mo ito magagawa mag-isa.
- Maaari nitong mapahusay ang komunikasyon sa pagitan mo at ng iyong doktor.
- Maaari nitong bawasan ang pangangailangan para sa mahabang pananatili sa ospital.
- Magiging bahagi ito ng iyong medikal na talaan.

Sino ang maaaring magsulat sa isang Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Sinumang tao na may gulang na 18 o mas matanda pa na may "kakayahan" na magdesisyon sa pangangalaga ng kalusugan. Ang “kakayahan” ay nangangahulugan na nauunawaan ng tao ang likas na katangian at mga kahihinatnan ng iminungkahing pangangalagang pangkalusugan, kasama na ang mga panganib at benepisyo.

Kailan magkakabisa ang Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Ang Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan ay magkakabisa kapag ang pangunahing doktor ng isang tao ay nagdesisyon na ang isang tao ay walang "kakayahan" na gumawa ng desisyon nang mag-isa para sa pangangalagang pangkalusugan. Ito ay nangangahulugan na ang indibiduwal ay walang kakayahan na maintindihan ang katangian at mga kahihinatnan ng iminungkahing pangangalagang pangkalusugan. ***Ang katotohanan na ang isang tao ay ipinasok sa isang pasilidad na pangkaisipan ay hindi nangangahulugan na kulang sa “kakayahan” ang taong iyon.***

Gaano katagal magkakabisa ang Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Sa California, ang Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan ay walang tiyak na petsa ng pagtatapos. Maaaring magbago ang iyong isip anumang oras, basta’t ikaw ay may "kakayahan” na gumawa ng desisyon. Mainam na suriin ang iyong Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan taun-taon upang matiyak na nalahad ang lahat ng iyong mga ninanais.

Kailangan ko bang magkaroon ng Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Hindi. Isa lamang itong paraan na ipagbigay-alam ang iyong mga kahilingan sa pamamagitan ng kasulatan, habang ikaw ay mayroon pang kakayahan. Mahahalaga ang iyong mga pagpili.

Saan ako makakakuha ng legal na payo ukol sa Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan?

- Sa Iyong Abogado
- Protection and Advocacy, Inc.
- Mental Health America of Los Angeles (213) 413-1130, Ext. 26

Saan ako makakakuha ng mga *Form* sa Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan?

- Sa Iyong Abogado
- Mga Tindahan ng Stationary
- Mental Health America of Los Angeles (213) 413-1130, Ext. 26

Sino dapat ang may kopya ng Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan?

- Ikaw (Ang Iyong Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat itago sa isang ligtas na lugar, pero madaling hanapin.)
- Ang iyong kinatawan (ang taong itinalagang gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo kung hindi mo magagawa ito.)
- Ang bawat isa sa iyong mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan;
- Ang bawat isa sa iyong mga tagapagkaloob ng pangangalaga ng kalusugang pangkaisipan.

Mahalagang subaybayan mo kung sino ang may kopya ng iyong Paunang Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan kung sakaling gagawa ka ng mga pagbabago sa dokumento.

Ang mga reklamo hinggil sa hindi pagsunod sa mga kinakailangan sa paunang tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan ay maaaring isampa sa California Department of Health Services (DHS) Licensing and Certification sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-236-9747 o sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa P.O. Box 997413, Sacramento, California 95899-7413.